# Systematic Theology ©

**Conrad Jun Tolosa**
Revised July 2022

## ST 400 Ang Kaharian at Iglesya ng Diyos

### ST404 Mga Gawain sa Iglesya

Ang Iglesya ay may tatlong pangunahing gawain: a) *evangelism*, b) *discipleship* at c) *church ministry*. Kasama sa church ministry ang *pastoral care, mercy ministry* at pangangasiwa ng mga *sacraments.*

a) *Ano ang Evangelism?* Ang *evangelism* ay ang paghahatid ng ebanghelyo o mabuting balita ng kaligatasan ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesus sa lahat ng nasyon sa mundo. Ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay nagsisimula sa pulpito ng pastor at sinusundan ng pagsasapamuhay nito ng lahat ng members ng kanyang kawan. Ito ay maaari din namang particular na tawag sa buhay ng mananampalataya kung saan siya ay kinikilalang evangelist. Sa madalit sabi, ang paghahatid ng ebanghelyo ay bahagi ng lifestyle ng bawat mananampalataya ni Cristo.

b) *Ano ang Discipleship?* Ang *discipleship* ay ang magpapalago ng spiritual life ng mga alagad ni Cristo. Kasama sa gawaing ito ang pagtuturo ng kung ano ang totoo, mabuti at tama ayon sa katuruan ng Panginoong Jesus at kung paano isinasapamuhay ang Kanyang salita.

Noong panahon ng mga *Greek philosophers*, ang mga mag-aaral ay natututo sa pamamagitan ng pagsunod sa kanilang guro saan man siya pumunta, sa pagmamasid kung paano niya ginagawa ang iba't ibang bagay at sa pakikinig sa kanyang mga sagot sa mga katanungan ng mga tao habang daan at sa mga malalim na bagay na kanyang sinasabi. Si Paul ay nagdala ng mga makakasama niya sa kanyang *missionary journeys*. Siguradong sina Silas, Titus, Timothy at iba pa ay natuto nang husto sa kanilang pagsama sa mga paglalakbay ng apostol at pakikinig sa kanyang pagtuturo.

Sinulat ni Paul ang tagubiling ito kay Timothy - *Ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa harap ng maraming saksi ay ipagkatiwala mo sa mapagkakatiwalaang mga lalaki na maaaring makapagturo sa iba* (2 Timothy 2:2). Ang tagubiling ito ay naging paraan ng pagpapatuloy ng gawaing discipleship. Nang naimbento ang printing press, hindi na kinailangang kasama-sama lagi ang mga mag-aaral ng kanilang guro. Ngayong *high-tech* na ang ating lipunan, hindi na kailangang makipagtagpo *face-to-face* ang mag-aaral sa kanyang guro dahil maaari na siyang matuto sa pamamagitan ng *internet*. Bagamat, ano man ang metodolohiya na ginagamit sa pagdi-*disciple,* ang alagad ni Cristo ay nananatiling tumatanggap ng kaalaman at nagsasapamuhay ng pilosopiya sa buhay ng kanyang Panginoon.

c) *Ano ang kalakip ng Church Ministry*? Ang iglesya ay isang *called-out assembly* na tumanggap sa mga salita ni Cristo. Ang *church-planter* ang kadalasang nagsasagawa ng pagtawag sa pagtitipon ng mga *believers*. Siya rin ang nagiging pastor-teacher ng kapulungan. Bilang pastor, siya ay may mga sumusunod na leadership responsibilities:

- Pastoral Care. May apat na pangunahing gawain ang isang pastor:

    1) Pagpapakain sa kawan - tinuturuan ng pastor ang mga miyembro ng tamang doctrina at mga tagubilin sa matagumpay na pamumuhay Cristiano. Ang pastor ay mananatiling guro ng kawan.

2) Pag-aalaga ng kawan - Ang buong congregasyon ay kabilang sa *church-wide function* na kung tawagin ay ang pakikipag-isa't isa: ipanalangin ang isa't isa, pasiglahin ang isa't isa, turuan ang isa't isa, magpatawad sa isa't isa, pagpayuhan ang isa't isa, at iba pa. Ang epektibong pakikipag-isa't isa ay mahalaga at mabuting bahagi ng matagumpay na buhay Cristiano.

3) Pagbibigay ng direksyon sa *affairs* ng iglesya - Ang gawaing ito ay nangangailangan ng pagpaplano at pagba-*budget*. Matapos ang consultation sa salita ng Diyos at deliberation among members ng iglesya, ang mga pastor, elders at deacons ay inaatasang gumawa ng mga desisyon tungkol sa direksyong tatahakin ng iglesya, particular na dito ang *teaching, training* at *equipping* ng mga *saint*s para sa kanilang *works of service*.

4) Pagbabantay sa kawan – a) hindi basta nagpapapasok ng kung sinu-sino lamang sa samahan, b) pinabubulaanan ang mga maling turo at, c) pinananatili ang disiplina sa mga kapatiran.

Ang matalinong pastor ay susunod sa *instruction* ni Paul kay Timothy na magsanay ng mga lalaking mapagkakatiwalaang maging elders o deacons ng bagong kapulungan. Pagkatapos ay maaari na niyang i-*delegate* ang iba niyang duties.

- Mercy Ministry. Ang mga alagad ni Cristo ang asin ng lupa at ilaw ng sanlibutan. Bilang mananampalataya o isang iglesya local, dapat nating tulungan ang ating mga kapitbahay, maging *believer* o *non-believer* man sila. Pakainin ang nagugutom, bigyan ng tubig ang nauuhaw, damitan ang walang baro, turuan ang mangmang, pagpayuhan ang mga namimighati, bigyan ng matutuluyan ang walang mahimlayan, bisitahin ang mga may sakit at mga nasa bilangguan, sapagkat binibigyan tayo ng Panginoon ng mga abilidad at mga oportunidad upang maisagawa ang mga ito.

- Pangangasiwa ng mga *sacraments* - Bukod sa pag-aalaga sa kawan, inatasan din ang pastor o minister na mag-administer ng *sacraments.* Ang mga sacraments ay mga ordinansya na itinatag ni Cristo na nagsisilbing panlabas na tanda ng pakikipagtipan ng Diyos sa tao. Ang mga sacraments ay dalawang paraan kung saan naisasagawa ang biyaya ng Diyos sa buhay ng *believer*. Ang dalawang sacraments na ina-administer ng mga *ordained officers* ng iglesya ay ang *Lord's Supper at Baptism*.

Ang *Lord Supper* ay ang humahalili sa Old Testament *Passover Feast* na nakatuon sa minsanang pag-aalay ng buhay na isasagawa ni Cristo nang Siya ay ipako sa krus ng Kalbaryo (Hebrews 7:27). Ang *Passover Lamb* ay walang depekto at inialay kahalili ng buhay ng tao. Ang dugo ng inialay na tupa ay nagpapapayapa sa matinding galit ng Diyos (Exodus 12). Ang inialay na tupang walang depekto, ang pagbubuhos ng dugo, ang pagpapapayapa ng matinding galit ng Diyos ay nangyaring lahat sa Kalbaryo (Matthew 27:27-55; 1 John 2:2). Hindi na kinailangang ipagdiwang muli ang *Passover* pagkatapos ng pangyayari sa Kalbaryo dahil sa ito ay nahalilihan na ng *Lord Supper* na itinatag ng Panginoong Jesus.

Ipinagdiriwang ni Jesus ang *Passover* kasama ang Kanyang mga alagad bago Siya inaresto. Ang *Lord's Supper* ay itinatag Niya nang oras na iyon. Ipinagdiriwang ito upang alalahanin si Jesus at ang pag-aalay ng Kanyang sarili para sa kapakanan ng Kanyang bayan (Luke 22:19-20). Ang *Lord's Supper* ay nagpapaalala sa atin sa ginawang paghahandog ng Panginoong Jesus ng kanyang buhay sa krus ng Kalbaryo para sa kaligtasan ng Kanyang bayan.

Nararapat ang masusing pag-eksamen sa ating buhay bago makibahagi sa *Lord Supper* upang maiwasang mahusgahan. Dapat makita ng *participant* sa kanyang buhay ang kahalagahan ng kamatayan

ng Panginoon (1 Corinthians 11:27-30). Kaya naman ang mga participants ay mga *believers* lang. Ang mga elementong ginamit sa pagdiriwang ay mga simbulo lamang at walang pagbabagong nagaganap sa composition nila. Ipinapahayag ng *Lord's Supper* ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa Kanyang pagbabalik (1 Corinthians 11:23-26). Ang *Lord's Supper* ay ipinagdiriwang ng ibang believers minsan isang linggo, ang iba nama'y paminsan-minsan.

Ang *Baptism* naman ang humalili sa Old Testament *Seal of Circumcision* o Pagtutuli bilang tanda ng pakikipagtipan ng Diyos sa Kanyang bayan. Ang Baptism ay ang tatak ng Bagong Tipan. Ganito ang nakasaad sa Colossians 2:11-12: *Kay Cristo, tinuli kayo sa pamamagitan ng pagtalikod ninyo sa masasamang hilig ng laman, ang pagtutuling hindi gawa ng tao kundi pagtutuling gawa ni Cristo, nang malibing tayo kasama niya sa pamamagitan ng bautismo at muling nabuhay na kasama Niya dahil sa pananampalataya ninyo sa makapangyarihang Diyos na bumuhay sa Kanya.* Ito ay panlabas na tanda para sa panloob na pangangailangan: ang sabi sa Romans 2:29 ay ganito, *Ang isang tao ay Hudyo kung siya ay Hudyo sa kalooban; and circumcision ay circumcision of the heart, ng Espiritu, at hindi ng written code.* Ang pagtutuli ng puso ay tumutukoy sa *Regeneration* ng tao sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo. Ang *Baptism* ay tanda rin ng pagtanggap sa isang taong binautismuhan ng communidad ng iglesya; katulad ng ang pagtutuli ay pagtanggap sa mga tinuli sa lumang communidad ng pananampalataya sa Lumang Tipan.

Katulad nang palitan ni Cristo ang *Passover Feast* ng *Lord's Supper* upang makita ang kaibahan sa luma at bagong tipan; pinalitan Niya ang seremonya ng *pagtutuli* ng *bautismo*. Ang bautismo ay ginagawa sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritung Banal (Matthew 28:19). Ang mga anak ng mga believers at mga matatanda na nagpahayag ng pananampalataya kay Jesu-Cristo ay dapat bautismuhan. May mga mananampalataya na hindi naniniwala sa bautismo ng mga bata. Bagamat, dine-dedicate nila ang mga bata sa Panginoon. Ayon sa kanila, ang mga bata at matanda na nagpahayag ng pananampalataya kay Jesu-Cristo ang dapat lamang bautismuhan. This is one instance where we can agree to disagree at hindi hayaang magkaroon ng dibisyon dahil sa ating pagkakaiba ng interpretasyon sa bautismo.

## *I. Multiple Choice*

1. Ano ang tatlong pangunahing gawain ng Iglesya?
   a. Mercy ministry, music ministry at church ministry
   b. Prayer meeting, bible studies, community outreach
   c. Evangelism, discipleship at church ministry

2. Ano ang evangelism?
   a. Pagbabahay-bahay upang makapag-bigay ng patotoo ng sariling buhay sa kausap
   b. Paglalahad ng mabuting balita ng kaligtasan ng Diyos sa pamamagitan ni Jesu Cristo
   c. Paglalahad ng mabuting balita kung paano nakilala si Cristo sa kanyang buhay

3. Ano ang discipleship?
   a. Ang pagpapadami ng miyembro sa iglesya
   b. Ang pagpapalago ng spiritual life ng mga mananampalataya
   c. Ang pagpapalago ng mga nagta-tithe sa church

4. Sinabi ni Paul kay Timothy na ang lahat ng bagay na kanyang narinig kay Paul ay ipagkatiwala niya kahit sinong mga lalaki sa loob ng iglesya.
   a. True
   b. False

5. Ang ____________________ ay gawain ng pastor kung saan tinuturuan niya ang mga miyembro ng tamang doctrina.
   a. Pagkalinga sa kawan
   b. Pagpapakain sa kawan
   c. Pagbibigay direksyon sa kawan

6. Ang _________________ ay isa pang gawain ng pastor kung saan pinabubulaanan niya ang mga maling katuruan.
   a. Pagpapakain sa kawan
   b. Pag-aalaga sa kawan
   c. Pagbabantay sa kawan

7. Ang pagbibigay direksyon sa affairs ng church ay gawaing nangangailangan ng pakikialam sa mga gawain ng mga miyembro.
   a. True
   b. False

8. Dalawang sacraments ang ina-administer ng ordained officers ng church:
   a. Wedding at baptism
   b. Lord's Supper at baptism
   c. Wedding at Funeral service

9. Ang Passover sa Old Testament ay nahalinhan ng Lord Supper na itinatag ng Panginoong Jesus.
   a. True
   b. False

10. Ang Baptism ay ang pagtanggap sa taong binautismuhan sa lumang communidad ng pananampalataya sa Lumang Tipan.
    a. True
    b. False

© Revised July 2022  Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.